

Ang Fuse ng Globe Telecom ay Magbibigay ng Pautang na Pinapatakbo ng Mambu

Tinutulungan ng Mambu na ibahin ang anyo ng mga umiiral na operasyon at maglunsad ng mga bagong produkto na maaring umaabot sa 60 milyong tagatangkilik ng Globe

Singapore – Agosto 10, 2017: Inihayag ngayon ng Mambu, isang “SaaS banking engine”, na ito ang gagamitin ng Fuse, teknolohiyang pang pinasyal ng Mynt para sa Pilipino, sa paglulunsad ng produktong pagpapautang para sa mamimili at negosyante sa darating na Setyembre 2017.

Inilunsad noong 2015, ang Mynt ay isang sangay ng nangungunang kompanyang pang telekomunikasyon na Globe Telecom na may higit sa 60 milyong tagatangkilik. Ang Mynt ay nagbibigay ng daan para palakasin ang mga serbisyong pinansyal sapamamagitan ng mobile money, micro-loan at teknolohiya sa pamamagitan ng paggamit ng mga mobile store network ng mga kasosyo nito sa bansa na may 113% mobile penetration ngunit 31% lang ang banking penetration.

Inililunsad ng Mynt ang negosyong pagpapautang sa pamamagitan ng Fuse noong 2016 upang tugunan and kakulangan sa pagpapautang sa Pilipinas. Ang mga micro, small and medium enterprises (MSMEs), na may 99.6% na porsyento ng kabuuang rehistradong kumpanya sa bansa, pati na rin ang mga indibidwal ay nakakaharap ng malaking kahirapan sa pag-utang mula sa mga “incumbents” dahil sa mahigpit na pagpapasya ng kredito, limitadong dokumentasyon at kakulangan ng kolateral.

Sinabi ni John Rubio, Pangulo at Punong Ehekotibong Opisyal ng Mynt: "Karamihan sa mga Pilipino ay walang kasaysayan ng kredito na maaring maging batayan ng transaksyong pang pinasyal sa hinaharap. Ito ay humahantong sa mahirap na daan sa mga lehitimong pasilidad kredito at paglaganap ng mga impormal na nagpapahiram. Sa pamamagitan ng Fuse, binabago namin ang sitwasyong ito upang magbigay ng mga serbisyo sa pananalapi sa isang di-tradisyon na paraan na makikinabang ang karamihan ng ating populasyon na hindi nakakapagbangko. "

"Naintindihan ng Mambu ang aming pangitain at nagpapagana sa amin na mabilis na lumikha, maglunsad at magsanay ng mga produkto na angkop na tumutugon sa mga lokal na pangangailangan sa merkado," pahayag ni Anthony Thomas, Pangulo at Punong Ehekotibong Opisyal ng Fuse. "Sa Mambu natagpuan namin ang tamang kasosyo upang mapabilis at mapalaki ang aming negosyo sa pagpapautang, pati na rin ang kapangyarihan na makabago at matatag na produktong pautang na pangmamimili at pangnegosyo."

Ang kakayahang magamit ang solusyon ay magbibigay daan sa Fuse na mapagtagumpayan ang ilan sa mga hamon sa Pilipinas sa pamamagitan ng awtomatikong pagsasaayos ng mga ito para sa merkado.

"Ang modelo ng SaaS ng Mambu ay nagbibigay sa Fuse ng pinakamainam na solusyon at nakikinabang ito mula sa mga patuloy na pagpapahusay at nangangailangan lamang ng maliit na kakayahan sa mantensyon," pahayag ni Thomas. "Magagawa naming sukatin, isama ang mga pinakabagong teknolohiya at maging handa upang pamahalaan ang mga makabuluhang laki ng transaksyon na inaasahan namin. "

"Ang paggamit ng engine ng Mambu SaaS banking ay magbibigay-daan sa Fuse na magbigay ng

PRESS RELEASE



mga makabago at maraming mga kinakailangang produkto ng pautang sa mga negosyo at mamimili ng mga Pilipino." Sinabi ni Chiou Hao Chan, Mambu Managing Director, APAC. "Ang Mynt ay nasa isang ideyal na posisyon upang makagambala sa merkado at matugunan ang pangangailangan ng mamimili para sa maginhawa at ligtas na digital na pagpapautang. Inaasahan namin na ang pagtaas ng bilang ng mga "telcos" at ang mga "third-party providers" sa APAC ay lilipat sa merkado ng mga serbisyo sa pananalapi at inaasahan ang pagsuporta sa paglilipat na ito. "

WAKAS

Tungkol sa Fuse Lending, Inc. (Fuse)

An Fuse ay isang "tech-based" na kumpanya sa Pilipinas na nagbibigay ng pautang sa micro, personal at business loans na walang mahigpit na restriksyon na karaniwang inilalapat ng mga bangko at ibang pang institusyong nagpapautang. Pinatatakbo ito ng Mynt, isang sangay ng Globe Telecoms. Para sa karagdagan impormasyon, bisitahin ang website www.fuselending.com. Sundan kami sa Facebook <http://www.facebook.com/fuselending>.

Tungkol sa Globe Fintech Innovations, Inc. (Mynt)

Ang Mynt ay isang ganap na pag-aari ng Globe Capital Venture Holdings, Inc. na nagbibigay ng mga makabagong at una sa mundo na "fintech solutions" sa mga mamimili, mangangalakal at organisasyon. Ang layunin nito ay upang paganahin ang pinansiyal na pag-access para sa mga mamimili at mga mangangalakal sa pamamagitan ng mga serbisyong digital. Pinatatakbo ito ng dalawang kumpanyang "fintech": GCash, isang "micropayment service" na nagbabago ng mobile phone sa isang virtual na wallet para sa ligtas, mabilis, at maginhawang paglipat ng pera, at Fuse, isang "tech-based" na nagbibigay daan sa mga Pilipino na makakuha ng mga pautang pang personal at pang negosyo sa pamamagitan ng paggamit "mobile technology", alternative data, and innovative credit scoring na pamamaraan. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.mynt.xyz.

Tungkol sa Mambu

Ang Mambu ay SaaS banking engine na nagpapalakas ng mga pautang at deposito. Kami ay alternatibo sa mga masalimuot na mga pangunahing sistema sa pagbabangko. Tinutulungan ang aming mga kliyente na matagumpay na magsimula ng mga bagong negosyo, baguhin ang mga umiiral na operasyon, ilunsad ang mga bagong produkto at palawakin sa mga bagong merkado. Nagbibigay ang Mambu sa mga pinansyal na institusyon, anu man ang sukat, na may liksi upang mabilis na mag-disenyo, maglunsad, maglingkod at masukat ang kanilang banking at lending portfolio.

Inilunsad noong 2011, ang aming teknolohiya ay may kapangyarihan sa higit sa 5000 mga produkto ng pautang at deposito na naglilingkod sa mahigit sa 3 milyong mga cliente. May higit sa 180 mga aktwal na operasyon sa mahigit 40 bansa, mula sa mga rebolusyonaryo ng FinTech patungo sa tradisyunal na mga bangko, ang Mambu ay tumutulong sa mga institusyong pinansyal na mabago at umunlad sa digital age.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang aming website o sundan kami [sa](#) Twitter at LinkedIn.

Contact details: Articulate Communications +447951163615 mambu@articulatecomms.com